

Takpan ang tapayan ng malinis na papel at talian ito. Ilagay sa malamig o malilim na lugar. Pagkaraan ng 7 araw ito ay magiging malaputik na sabaw.

Paggamit ng IMO:

- Maghalo ng 1-2 kutsarang IMO sa 1 litrong tubig o 1-2 latang sardinas sa 16 liter knapsack sprayer. Idilig o iisprey sa lupa sa panahon ng paghahanda.
- Maari rin gamitin ito upang maitaas o mapaganda ang kalidad ng compost. Magdagdag ng 5% na IMO sa compost (halimbawa: 1/2 kg ng IMO sa sampung kilo ng compost); buruhin ito ng 3 araw bago gamitin.
- Maliban sa compost pwede ring gumamit ng ipot ng manok o dumi ng iba pang hayop o dayami, kusot at iba pang bagay sa bukid na hindi pa gaanong nabubulok. Ispreyan ng IMO ang bukid, 1 araw bago o kasabay ng unang pag-aararo kasama ang farm waste.
- Isprey o isabog ang IMO sa kamang pagpunlaan at taniman 2-5 araw bago magpunla o maglipat tanim.

#### References:

- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.
- Natural Farming Inputs. Paper presented during the Training of Trainers on Organic Agriculture, October 24-28, 2011. Bacolod City, Negros Occidental.

#### Production Team

Consultants  
Renato A Maguigad  
Center Director

Imelda M. Guillermo  
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso  
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar  
Coordinator Organic Agriculture

#### Writers

Ma. Norma G. Maddalora  
Info. Officer II  
Claris M. Alaska  
Agriculturist II

Proofreader  
Arlyn G. Ong

Layout and Design  
Teodoro B. Bauí  
Artist Illustrator II



Reproduced by  
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE

## PAGPAPARAMI NG NATURAL NA KAIBIGANG MIKROBYO INDIGENOUS MICROORGANISMS



Department of Agriculture  
**Agricultural Training Institute**  
Regional Training Center-Region 2  
Cabagan, Isabela and San Mateo, Isabela

Ang IMO ay samu't-saring komunidad ng mga kaibigang mikrobyo na pinadami sa isang hiwalay o halos natural na kalagayan. Pwede itong likido (bilang foliar) o solido.



#### Gawain ng IMO:

- Marami ang mga mikrobyo sa lupa.
- Binabalanse ng IMO ang ekolohiya ng mga mikrobyong kinakailangan para sa mabilis na proseso ng pagkabulok ng mga organikong bagay sa lupa.
- Tumutulong ang IMO sa pagbuo ng mahahalagang pagkaing kinakailangan ng lupa upang mapalusog at mapalaki ang pananim;
- Nagsisilbi itong likas na pamuksa sa pagdami ng mga masasamang mikrobyo sa lupa.
- Makakatulong ito sa pag-alis sa sobrang ammonia ng mga manukan at itikan, at masamang amoy ng babuyan.


#### Mga Kakailanganing Materyales:

- Lalagyan (tukil na bukas sa kabilang dulo or wooden box or plastic tray).  
- 8 pcs (1/2" x 3" in dimension)
- Malinis na papel

- Tali
- 1 kg pinalamig na kanin
- Molasses
- Timba
- Supot na plastic


#### Paggawa ng IMO

**1**




Ilagay ang 1 kg na kanin sa isang "wooden box" na may sukat 8.5x11 o tukil na bukas sa kabilang dulo.

**2**




Takpan ang "wooden box" o tukil ng isang malinis na papel at talian ito.

**3**




Takpan muli ng plastic upang hindi ito mabasa ng ulan, puntahan ng insekto at daga.

**4**




Ilagay ito sa makahoy na lugar o kawayanan na tuyo, malilim at takpan ng dahon ng kawayan o bunot.

**5**



Hanguin o kunin pagkaraan ng 3 araw. Ang mga amag ay makikita sa ibabaw ng kanin.

**6**



Ilagay sa isang tapayan ang inamag na kanin at haluan o lagyan ng 1 kilong molasses.